Paano naming nalaman na gumagana ang mga bakuna sa COVID-19

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay makakaligtas ng buhay sa pamamagitan ng pag-iwas sa impeksyon at malubhang sakit ng COVID-19.



TAPATANG USAPAN TUNGKOL SA COVID-19

Ano ang alam namin sa ngayon

- Ang lahat ng tatlong mga bakuna ay makakabawas sa panganib ng COVID-19. Ang mas mahalaga, **nalalayo nila sa pagkakaospital at pagkamatay ang karamihan sa mga nabakunahan.**
- Napatunayan sa klinikal na pagsusuri na ang bakuna sa COVID-19 ay ligtas at gumagana para maiwasan amg malubhang pagkakasakit at pagkakaospital. Ang mga bakuna ay **gumagana rin ng maayos sa pangkalahatang publiko.**
- Halos lahat ng **nagkakasakit ng COVID-19** ngayon ay **hindi ganap na bakunado.**
- Sa mga pag-aaral sa lab, ang mga bakuna sa COVID-19 ay **makakaprotekta laban sa mga bagong variant** na kumakalat ng mabilis kaysa sa dating uri.

Ano ang natutunan namin

- Ang nabibigay na proteksyon ng **lahat ng tatlong bakuna ngayon** laban sa kasalukuyang mga variant ay mukhang mabuti.
- **Hindi pa alam kung hanggang kailan ang proteksyon** ng mga bakuna magtatagal o kung kailangan ng mga tao ng mga booster (dagdag bakuna).

Magpabakuna

Lahat ng 12 taon pataas ay makakakuha ng bakuna sa COVID-19. Para makakuha ka, bumisita sa **vaccinate.virginia.gov** para makahanap ang klinika na pinakamalapit sa iyo.

Kunin ang iyong LIBRENG bakuna!

Alamin pa sa VDH Edukasyong Pasyente - Impormasyon sa Bakuna
(vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine/patient-education/)

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH